



SA LILIM NG TOROGAN

ni: **MONISA P. MABA, PhD**

Sa paanan ng Bundok Piagayungan sa Lanao del Norte, nakatayo ang isang lumang torogan—ang tradisyunal na bahay ng mga Maranao datu. Doon nakatira si Datu Amir, isang matandang lider na iginagalang ng buong komunidad. Kasama niya ang kanyang apo na si Zainab, isang masigasig na estudyante na galing pa sa Iligan upang magbakasyon sa kanilang barangay sa Baloi.

Isang araw, binalita ng barangay chairman na sisimulan na ang pagpapatayo ng tulay na mag-uugnay sa mga barangay Maranao at Kristiyano—isang proyekto ng pagkakaisa sa rehiyon. Ngunit may isang problema: hindi nagkakaintindihan ang mga manggagawa. Ang mga taga-ibang rehiyon ay gumagamit ng Filipino at Cebuano, habang ang mga Maranao ay kadalasang nagsasalita ng Meranaw.

Napansin ni Zainab na maraming hindi maayos na nasusunod na plano. “Kung hindi tayo magkaintindihan sa salita, paano tayo magtutulungan?” tanong niya sa kanyang lolo.

Sumagot si Datu Amir, “Ang wika, apo, ay hindi lang salita. Ito ay tulay. Kung tayo ay mag-aaral makinig, matututo rin tayong magkaintindihan.”

Bilang tugon, nagboluntaryo si Zainab na maging tagapagsalin. Tuwing hapon, nagtuturo siya sa mga kabataang Maranao ng Filipino, at tinuturuan din niya ang mga manggagawa ng ilang pangunahing salitang Meranaw—salamat (magsukul), tulong (kandatu), at pagkakaisa (kapamagawasa).

Unti-unting nagbago ang takbo ng proyekto. Sa halip na pag-aalangan, naroon na ang tawanan at bayanihan. Kapag may isang haligi na kailangang buhatin, hindi na kailangan ng salita—isang sulyap, isang tango, at sabay-sabay silang kumikilos.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>




Dumalo rin ang mga Kristiyanong lider ng karatig-bayan. Dati'y may agwat, ngayon ay may pagkakaibigan. Sa harap ng torogan, sabay-sabay nilang ipinagdiwang ang Araw ng Pagkakaisa, kung saan lahat ay nagbahagi ng pagkain, sayaw, at awit.

Sa kanyang talumpati, sinabi ni Zainab:

"Ang tunay na pagkakaisa ay hindi lamang nakikita sa pisikal na tulay, kundi sa wika ng pagkakaunawaan, respeto, at pagkakaibigan. Wika man ng Meranaw, Filipino, o iba pa—lahat ito ay hibla ng ating pagkatao bilang iisang bansa."

Mula noon, naging simbulo ng pagkakaisa ang torogan—hindi lamang ng mga Maranao, kundi ng buong Lanao del Norte.



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Elemento ng Kwento

Tauhan:

Datu Amir – Marangal at matalinong pinuno ng barangay.

Zainab – Isang edukadong kabataan na ginamit ang wika upang magtaguyod ng pagkakaisa.

Mga manggagawa – Taga-ibang rehiyon, kinatawan ng ibang kultura at wika.

Tagpuan:

Lalawigan sa Lanao del Norte, sa paanan ng Bundok Piagayungan.

Suliranin:

Hindi pagkakaintindihan sa wika na nagiging hadlang sa proyekto ng bayanihan.

Kasukdulan:

Nang gamitin ni Zainab ang wikang Filipino bilang tulay ng komunikasyon at pagkakaunawaan.

Wakas:

Naitayo ang tulay at nagkaroon ng pagdiriwang na pinagsama ang mga Maranao at iba't ibang grupo—nagkaisa sa wika at diwa.

Tema:

Bayanihan sa Wika: Sa pamamagitan ng paggamit at paggalang sa wika ng isa't isa, nabubuo ang matibay na pambansang pagkakaisa.

Mensahe:

Ang wika ay tulay, hindi hadlang. Sa pagtutulungan, walang kultura o relihiyon ang dapat paghiwalayin.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
